
# PROJECT EASE

**( Effective and Affordable Secondary Education )**

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 2**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I
Yunit I
Modyul Blg. 2

# Gawing *Plus* ang *Minus*

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Napag-aralan mo sa Modyul 2 na walang magkakatulad na nilalang sapagkat ang bawat isa ay natatangi. Ikaw ay may mga bukod-tanging kakayahan at iba pang kalakasan na magagamit mo sa iyong pag-unlad. Walang taong perpekto, kung kaya't ikaw din ay may mga kahinaan. Aalamin mo sa modyul na ito ang iyong mga kalakasan at kahinaan.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Nakikilala ang mga angking kakayahan at kahinaan
B. Nasisiyahan sa pagtuklas sa sariling kakayahan at kahinaan
C. Natutukoy ang kanyang mga talino batay sa walong talino ni Gardner
D. Naitatalaga ang sarili sa pagpapaunlad ng mga kakayahan at mapaglabanan ang mga kahinaan

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatato sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka na Ba?

A. Isulat ang Plus (+) kung kalakasan at Minus (–) kung kahinaan ang bawat isa.

1. Madaling mapagsabihan
2. Mahiyain sa pakikiharap sa tao
3. Balat-sibuyas o madaling masaktan
4. Pinaninindigan ang sinabi
5. Laging sumusunod sa uso kahit hindi angkop sa kanya
6. Pagkahilig sa mga kendi at tsokolate
7. Mapagmasid
8. Palapintas
9. Madaling yayain ng mga kaibigan kahit saan
10. May alam sa kahalagahan ng pag-aaral

B. Basahing mabuti ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik na naglalahad ng tamang konsepto.

1. Si Rochelle Ambubuyog ay nabulag matapos ang isang malubhang sakit. Nagsikap siyang matutong bumasa at sumulat sa pamamagitan ng braile. Sa tulong ng kanyang mapagmahal na magulang at matitiyagang guro, nagtapos siya sa elementarya, sekundarya at kolehiyo na may karangalan. Ano ang pinatunayan ni Rochelle?
   a. Natupad ang kanyang pangarap na maging matalino at tagumpay kahit na siya ay bulag.
   b. Nalampasan niya ang limitasyon ng kanyang kapansanan sa pagsisikap niyang makatapos ng pag-aaral.
   c. Siya ay bulag kaya walang gaanong hadlang at tukso sa kanyang pag-aaral.
   d. Matiyaga ang kanyang magulang at mga guro kaya siya ay naging matalino at tagumpay.

2. Sina Ana, Melisa at Kristina ay magkakaibigan. Sila ay halos sabay na nagsilaki at magkakasing-gulang pa. Sila ay magkakamag-aral din. Si Ana ay mahilig umawit at sumayaw ngunit ayaw niya ng Matematika. Si Melisa naman ay mahilig magbasa at magsulat ngunit ayaw niyang sumama sa praktis ng sayaw. Ayaw niya ng mga maiingay na musika. Si Kristina naman ang pinakamahusay sa Matematika. Ano ang pinatutunayan sa sitwasyon?
    a. Magkakasundo ang magkakaibigan kahit magkakaiba ng kanilang hilig at talino.
    b. Iba't iba ang taglay na talino ng magkakaibigan dahil iba-iba ang kanilang talino.
    c. Masaya ang magkakaibigang mayroong iba't ibang talino.
    d. Iba't iba ang talino at kalakasan ng tao.

3. Si Manny Pacquiao ay mahusay na boksingero. Nanalo na siya ng maraming karangalan sa loob at labas ng bansa. Kinilala siya sa buong daigdig. Ang perang kanyang napanalunan ay ibinili niya ng kotse at magandang bahay. Tumulong siya sa mga kababayan niyang kapuspalad. Higit sa lahat, nagbigay siya ng karangalan sa ating bansa. Ano ang mahihinuha sa sitwasyon?
    a. Dapat mong ipagmalaki ang iyong bukod-tanging talino.
    b. Masaya ang magbigay ng karangalan sa bansa at tumulong sa mga kababayan.
    c. Maaaring gamitin ang talino at kalakasan sa pagpapaunlad ng sarili, kapwa at pamayanan.
    d. Mahalagang tumulong sa iba upang dumami pa ang mga biyayang tatanggapin natin.

4. Mahilig mapag-isa si Rogelio. Palabasa siya ng mga aklat at mahilig magmuni-muni. Malalim ang kanyang pananaw sa mga bagay-bagay. Mayroon siyang talino sa
    a. visual-spatial.
    b. interpersonal.
    c. linguistic.
    d. intrapersonal.

5. Napakamasayahin si Susan. Gustung-gusto siya ng kanyang mga kaibigan. Palagi siyang kasama sa mga programa sa paaralan. Napakahusay niya sa pagsulat at sa pagsasalita. Si Susan ay mayroong talino sa:
    a. visual-spatial.
    b. interpersonal.
    c. linguistic.
    d. intrapersonal.


Nahirapan ka bang sagutin ang panimulang pagsusulit? Ngayon naman ay simulan mo nang sagutin ang mga sumusunod na gawain. Sana ay malibang at matuto ka sa iyong pagsagot.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Tingnan ang Profile ng mga Kakayahan sa susunod na pahina. Sukatin ang iyong kakayahan batay sa mga nakatalang gawain o kakayahan. Kulayan ang espasyo na naglalarawan ng iyong kakayahan sa bawat titik. Gamitin ang iskala 1-5 na may mga sumusunod na kahulugan:

1 - Walang kakayahan
2 - May kaunting kakayahan
3 - Katamtaman ang kakayahan
4 - Mahusay
5 - Napakahusay




**Profile Ng Aking Mga Kakayahan**

Magagawa mo kaya ang mga ito?

A. Nakagagawa ng badyet
B. Nakasasali sa iba't ibang isports
C. Naipahahayag nang epektibo ang iniisip at nararamdaman
D. Naipahahayag ang kaisipan, damdamin at namasid nang patula
E. Nagagamit ang mga pamamaraan na kinakailangan sa matematika
F. Nakaguguhit ng mga larawan na kinagigiliwan ng iba
G. Nakapagtatanim ng mga halaman
H. Nakalalahok nang buong talino sa mga pagtatalo o debate
I. Nakaaawit nang mahusay o nakasasabay sa mga awitin
J. Nakagagawa ng mga produkto mula sa bagay na ginamit na o mga kagamitang itatapon na
K. Nakatutugtog ng mga instrumentong musikal tulad ng gitara, drum, piano at iba pa
L. Nakapagmumuni-muni sa sarili ukol sa mga nararamdaman at nakapagpapalakas ng loob
M. Nakasasagot sa mga palaisipan
N. Nakasasayaw o nakasusunod sa mga hakbang ng pagsasayaw
O. Nakapapakinig nang masusi at nasusuring mabuti ang sinasabi ng kausap
P. Nakapapakinig sa mga puna o komento ng ibang tao nang bukas ang isipan

## Sagutin Mo


1. Naibigan mo ba ang gawain? Bakit?
2. Anu-ano ang natuklasan mo sa iyong sarili sa gawain?
3. Alin sa mga nabanggit sa gawain ang mga kalakasan mo?
4. Alin sa mga nabanggit sa gawain ang mga kahinaan mo?
5. Paano makatutulong sa sarili mo ang iyong kaalaman sa kalakasan at kahinaan mo?

## Gawain Blg. 2

Tingnan ang larawan o *maze*. Ituring na kuwarto o silid ang bawat parisukat. Ipagpalagay na ikaw ay papasok sa bawat silid hanggang sa ikaw ay makalabas.


Kung nakapasok ka na sa silid, tumigil ka at alalahanin ang mga nagawa mo dito. Pagkatapos, gunitain mo ang iyong damdamin ukol sa silid na ito.

Sa iyong kuwaderno, isalarawan ang damdaming ito sa pamamagitan ng pagguhit ng angkop na mukha sa silid. Iguhit ang mukha na masaya  o malungkot  Pagkatapos, ipahayag kung bakit ganito ang iyong naging damdamin.

**Halimbawa:** 

Silid ng Mathematika:

Masaya ako sa silid ng Matematika dahil napauunlad ko rito ang antas ng aking pag-iisip.



**Sagutin Mo**

1. Naibigan mo ba ang gawain? Bakit?
2. Anu-ano ang mga bahagi sa larong maze ang nilagyan mo ng mukhang masaya? ng malungkot? Bakit?
3. Saang silid ka higit na nakadama ng kasiyahan? ng kalungkutan? Bakit?
4. Paano mo gagamitin sa iyong pakikipagkapwa ang mga natuklasan mong kalakasan at mga kakayahan?
5. Paano mo naman paglalabanan ang iyong mga kahinaan?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Batay sa natapos na aralin, isulat mo sa loob ng kahon ang mga natutuhan mong konsepto. Gabay mo ang halimbawa sa unang bilang.

1. Bawat tao ay pinagkalooban ng mga natatanging talino at kakayahan. Mahalagang paunlarin ito para sa kabutihan ng sarili at ng kapwa.

2.

3.

## V. Pagpapatibay

MULTIPLE INTELLIGENCES

Unawain ang tsart. Tandaan ang walong uri ng kakayahan o intelligences.

**Linguistic Intelligence**



Katangian
- Paggamit ng wika at salita sa iba't ibang paraan
- Paglalahad ng kaisipan at damdamin

Mga Gawain
- Manunulat
- Mamahayag
- Manunula
- Mambabatas

Pagpapaunlad

Pagbasa ng mga pahayagan at aklat araw-araw
Pagsagot sa mga crossword puzzle
Pagsali sa mga contest at debate
Paggamit ng dictionary para sa mga salitang hindi maunawaan

**Logical-Math Intelligence**



Katangian
- Paggamit ng numero, hugis at mga simbolo
- Pag-unawa sa mga abstract at mga simbolo

Mga Gawain
- Scientist
- Accountant
- Police investigator

Statistician
Computer programmer
Economist

Pagpapaunlad
- Pagsali sa mga samahan sa Matematika at Agham
- Pagsagot ng puzzle sa Matematika at Agham
- Panonood ng Discovery Channel at National Geographic Magazine

**Musical Intelligence**



Katangian
- Pagkahilig sa musika
- Paggamit ng mga instrumento sa musika

Mga Gawain
- Mang-aawit
- Composer
- Conductor
- Guitarist, pianist, drummer, at iba pa

Pagpapaunlad
- Panonood ng mga konsiyerto
- Pagsali sa sabayang pag-awit o paligsahan
- Pag-aaral ng paggamit ng instrumento
- Pagsabay sa umaawit

## Visual-Spatial Intelligence



Katangian

- Paglikha ng mga bagay o gamit
- Pagkahilig sa kulay o disenyo

Mga Gawain

- Photographer
- Pintor
- Arkitekto
- Manlililok
- Cinematographer
- Guro sa Art

Pagpapaunlad

- Pagsali sa mga gawain na may kinalaman sa sining
- Paggawa ng sariling disenyo ng mga kagamitan
- Pagdalo sa mga seminar ng sining
- Panonood ng mga exhibit

## Bodily-Kinesthetic Intelligence



Katangian

- Paggamit ng katawan sa pagbibigay kahulugan sa kilos
- Pagkilos o paggalaw ng maliksi at nasa tiyempo


Mga Gawain

- Mananayaw
- Atleta
- Artista
- Factory worker
- Karpintero
- Aerobic Instructor

**Pagpapaunlad**

- Pag-eehersisyo araw-araw
- Pag-aaral ng mga sayaw, martial arts
- Pagsali sa mga isports tulad ng basketball, volleyball, at iba pa
- Panonood ng mga programa ukol sa isports

## Interpersonal Intelligence



Katangian

- Pag-unawa sa damdamin at kakayahan
- Pakikihalubilo sa ibang tao

Mga Gawain

- Politician
- Principal/Guro
- Pari/Pastor/Imam/Ministro

* Administrator
* Manager

Pagpapaunlad

Pagkakaroon ng dayalogo o pag-uusap ng pamilya
Pakikipag-usap sa iba
Pagsali sa mga samahan sa paaralan at simbahan

## Intrapersonal Intelligence

Katangian

- Pag-unawa sa sariling damdamin at kalagayan
- Pagkilala sa sariling kalakasan at kahinaan
- Paggamit ng sariling kaalaman sa pagpapasya

Mga Gawain

- Counselor
- Madre

Pagpapaunlad

Pagninilay-nilay
Pagbasa ng mga aklat
Pagdalo sa mga seminar
Pagkausap sa sarili
Pagbasa ng Bibliya at pagdarasal



## Naturalist Intelligence



Mga Katangian

- Pagkahilig sa kalikasan
- Pagkahilig sa hayop at halaman

Mga Gawain

- Magsasaka
- Veterinarian
- Tagapag-alaga sa zoo

Pagpapaunlad

- Pagsali sa tree planting
- Paglalakbay at pagmamasid sa kapaligiran
- Pagtatanim ng mga halaman
- Pag-aalaga ng mga hayop sa bahay

Henry Tenedero, *Breaking the IQ Myth*

Taglay na ng tao ang mga potensyal at kakayahan sa kanyang pagsilang. Ang mga taong nakapaligid sa kanya ang tutulong upang mahubog ang mga ito. Ang mga magulang ang siyang gagabay upang matutuhan niya ang mga pangunahing paraan upang mabuhay. Sa paaralan, naroon ang mga guro upang bigyan siya ng pormal na pag-aaral at pagsasanay ng kanyang mga potensyal at kakayahan. Samantala, ang determinasyong matuto ay mahalaga upang lubos na mahubog ang mga likas na potensyal at kakayahang ito.

Kaalinsabay ng mga potensyal at kakayahang likas sa tao ay ang kanyang mga kahinaan at limitasyon. Kung paglalabanan ang mga kaninaang ito, hindi magiging ganap na kahinaan ang mga ito kundi mga pagsubok at hamon ng buhay. Higit sa lahat, ang mga angkop na pagpapahalaga ay kailangan upang mapanatili ang kaayusan at kababaang loob ng sinuman.

## VI. Pagnilayan At Isabuhay Mo

Isulat sa angkop na kahon ang sagot mo sa bawat tanong. Sundan ang unang halimbawa.

**Kakayahan Ko**

| Mga kakayahan ko<br>Hal: Paglalaro ng basketbol<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• | Mga uri ng kakayahan ko ayon kay Gardner<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• |
|---|---|
| Mga taong makikinabang sa kakayahan ko<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• | Paano ko pauunlarin ang mga kakayahan?<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• |

**Kahinaan Ko**

| Mga Kahinaan Ko<br>Hal.: Pagiging mahiyain<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• | Paano nakasasagabal ang kahinaan ko?<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• |
|---|---|
| Paano ko paglalabanan ang mga kahinaan ko?<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• | Mga pagpapahalagang kakailanganin ko<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• |

## VII.

A. Isulat ang titik na "T" kung ang pagkaunawa mo sa pangungusap ay *tama* at titik na "M" kung *mali* ang pagkaunawa mo rito. Ituwid ang mga maling pahayag.

______1. Ang pagkilala ng mga kahinaan at kalakasan ay simula ng paglinang ng iyong pagkatao.
______2. Mahalagang matuklasan lamang ang kalakasan at paunlarin ito.
______3. Ang kahinaan ng tao ay mananatiling kahinaan niya habangbuhay kung wala siyang gagawing aksiyon tungkol dito.
______4. Kailangang makinabang ang kapwa sa iyong mga kalakasan at kakayahan.
______5. Magkakapareho ang mga kalakasan at kahinaan ng lahat ng kabataan.
______6. Iilan lamang ang mga taong pinagkalooban ng mga talento.
______7. Mapagkakakitaan ang paggamit ng mga talento at iba pang kakayahan.
______8. Mahalagang gamitin ang kakayahan para sa pansariling kabutihan lamang.
______9. Ang mga kalakasan o mga talento ay huwag gagamitin sa kasiraan ng kapwa.
______10. Napauunlad ang sariling pagkatao sa pagpapayaman o pagpapaunlad ng kakayahan.

B. Tukuyin kung anong uri ng *intelligence* ang taglay ng mga sumusunod. Isulat sa angkop na espasyo o sa katapat na kolum. Maaaring 2 o higit sa isang *intelligence* ang ginagamit sa isang propesyon o gawain. Naibigay na ang sagot sa unang bilang.

| Propesyon | Uri ng Intelligence | Propesyon | Uri ng Intelligence |
|---|---|---|---|
| 1. Computer programmer | Visual-spatial, Logical-mathematical,Linguistic | 11. Pulis-imbestigador | |
| 2. Magsasaka | | 12. Manunulat | |
| 3. Manlalaro | | 13. Accountant | |
| 4. Pintor | | 14. Beautician | |
| 5. Reporter | | 15. Guro | |
| 6. Mang-aawit | | 16. Mananahi | |
| 7. Counselor | | 17. Veterinarian | |
| 8. Scientist | | 18. Photographer | |
| 9. Mangingisda | | 19. Manager | |
| 10.Mananayaw | | 20. Gitarista | |

C. Basahing mabuti ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik na naglalahad ng tamang konsepto.

1. Si Rochelle Ambubuyog ay nabulag matapos ang isang malubhang sakit. Nagsikap siyang matutong bumasa at sumulat sa pamamagitan ng braile. Sa tulong ng kanyang mapagmahal na magulang at matitiyagang guro, nagtapos siya sa elementarya, sekundarya at kolehiyo na may karangalan. Ano ang pinatunayan ni Rochelle?
    a. Natupad ang kanyang pangarap na maging matalino at tagumpay kahit na siya ay bulag.
    b. Nalampasan niya ang limitasyon ng kanyang kapansanan sa pagsisikap niyang makatapos ng pag-aaral.
    c. Siya ay bulag kaya walang gaanong hadlang at tukso sa kanyang pag-aaral.
    d. Matiyaga ang kanyang magulang at mga guro kaya siya ay naging matalino at tagumpay.

2. Sina Ana, Melisa at Kristina ay magkakaibigan. Sila ay halos sabay na nagsilaki at magkakasing-gulang pa. Sila ay magkakamag-aral din. Si Ana ay mahilig umawit at sumayaw ngunit ayaw niya ng Matematika. Si Melisa naman ay mahilig magbasa at magsulat ngunit ayaw niyang sumama sa praktis ng sayaw. Ayaw niya ng mga maiingay na musika. Si Kristina naman ang pinakamahusay sa Matematika. Ano ang pinatutunayan sa sitwasyon?
    a. Magkakasundo ang magkakaibigan kahit magkakaiba ng kanilang hilig at talino.
    b. Iba-iba ang taglay na talino ng magkakaibigan dahil iba-iba ang kanilang talino.
    c. Masaya ang magkakaibigang mayroong iba't ibang talino.
    d. Iba-iba ang talino at kalakasan ng tao.

3. Si Manny Pacquiao ay mahusay na boksingero. Nanalo na siya ng maraming karangalan sa loob at labas ng bansa. Kinilala siya sa buong daigdig. Ang perang kanyang napanalunan ay ibinili niya ng kotse at magandang bahay. Tumulong siya sa mga kababayan niyang kapuspalad. Higit sa lahat, nagbigay siya ng karangalan sa ating bansa. Ano ang mahihinuha sa sitwasyon?
    a. Dapat mong ipagmalaki ang iyong bukod-tanging talino.
    b. Masaya ang magbigay ng karangalan sa bansa at tumulong sa mga kababayan.
    c. Maaaring gamitin ang talino at kalakasan sa pagpapaunlad ng sarili, kapwa at pamayanan.
    d. Mahalagang tumulong sa iba upang dumami pa ang mga biyayang tatanggapin natin.

4. Mahilig mapag-isa si Rogelio. Palabasa siya ng mga aklat at mahilig magmuni-muni. Malalim ang kanyang pananaw sa mga bagay-bagay. Mayroon siyang talino sa

a. visual-spatial.
b. interpersonal.
c. linguistic.
d. intrapersonal.

5. Napakamasayahin si Susan. Gstung-gusto siya ng kanyang mga kaibigan. Palagi siyang kasama sa mga programa sa paaralan. Napakahusay niya sa pagsulat at sa pagsasalita. Si Susan ay mayroong talino sa:
   a. visual-spatial.
   b. interpersonal.
   c. linguistic.
   d. intrapersonal.

D. Sumulat ng maikling sanaysay ukol sa paksang "Kaya Kong Gawing Lakas Ang Aking Kahinaan". (10 puntos)

## VIII. Mga Sanggunian


Punsalan, Twila G. et. al. 1993. *Kapwa: Pagmamahalan at Pananagutan*. Manila: Rex Bookstore.

Tenedero, Henry S. 1998. *Breaking the IQ Myth*. Manila: Henyo Publications.


Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

A.

| | |
|---|---|
| 1. Kalakasan | 6. Kahinaan |
| 2. Kahinaan | 7. Kalakasan |
| 3. Kahinaan | 8. Kahinaan |
| 4. Kalakasan | 9. Kahinaan |
| 5. Kahinaan | 10. Kalakasan |

B. 1. b
2. d
3. c
4. d
5. b

Gaano Ka Natuto?

A.

| | |
|---|---|
| 1. T | 6. M |

2. M
3. T
4. T
5. M
7. T
8. M
9. T
10. T

B.
1. Logical-math
2. Naturalist
3. Bodily-kinesthetic
4. Visual-spatial
5. Linguistic
6. Musical
7. Intrapersonal
8. Logical-math
9. Naturalist
10. Bodily-kinesthetic
11. Logical-math
12. Linguistic
13. Logical-math
14. Visual-spatial
15. Interpersonal
16. Bodily-kinesthetic
17. Naturalist
18. Visual-spatial
19. Interpersonal
20. Musical

C.
1. b
2. d
3. c
4. b
5. d

D. Rubric sa pagtataya ng sanaysay

| Score | Antas ng Paggawa |
|---|---|
| 9-10 | May kaugnayan sa paksa, maayos ang mga pangungusap, malinis ang presentasyon |
| 7-8 | Medyo may kaugnayan sa paksa, maayos ang mga pangungusap, malinis ang presentasyon |
| 5-6 | Medyo may kaugnayan sa paksa, hindi gaanong maayos ang mga pangungusap liban sa ilang lihis na ideya, malinis ang presentasyon |
| 3-4 | Kaunti lang ang may kaugnayan sa paksa, lihis ang mga ideya, hindi gaanong malinis ang presentasyon |
| 0-2 | Kaunti lamang ang may kaugnayan sa paksa, lihis ang karamihan sa ideya, hindi maayos ang mga pangungusap, magulo ang presentasyon |